## Ikaapat na Linggo ng Pasko ng Muling Pagkabuhay

Mga Gawa 2,14.36–41; 1 Pedro 2,20–25; Juan 10,1–10

**Ang pagtitiwala ng ating Panginoong Hesukristo, ang pagmamahal ng Diyos Ama, at ang buhay sa kaganapan ng Espiritu Santo ay sumainyo.**

### PAMBUNGAD

Ilang taon na ang nakalilipas, bumisita ako isang umaga sa isang maliit na bukirin ng mga tupa sa kanayunan. Nakalatag ang hamog sa kapatagan, at kasisimula pa lamang sumikat ang araw. Habang naglalakad ako sa gitna ng mga kawan, napansin ko ang isang batang kordero na napalayo at nasabit sa mababang bakod. Umiiyak nang malakas ang kanyang ina, paikot-ikot at patuloy na tumatawag. Dahan-dahang lumapit ang magsasaka, lumuhod, at marahang binuksan ang isang tarangkahan. Nang nakalaya ang kordero tumakbo ito at nawala ang pag-aalala ng ina.

Nanatili sa aking isipan ang simpleng tagpong iyon. Ipinaalala nito kung paanong tayo rin ay naliligaw sa buhay — nasasabit sa mga bakod ng takot, pangamba, o pagkakasala. Ngunit si Kristo, ang ating Mabuting Pastol, ay tinatawag tayo sa ating pangalan. Binubuksan niya ang mga tarangkahang naglilimita sa atin at inaanyayahan tayo sa mga pastulang may kapayapaan, kaligtasan, at kasaganaan. Habang tayo ay nagtitipon ngayon, inaanyayahan tayong alalahanin na ang Simbahan ay kapwa kanlungan at daanan. Sa lugar na ito, naririnig natin ang tinig ng Pastol, tumatanggap ng sustansiya, at natututong sumunod sa kanya nang may pagmamahal. Ngunit hindi dito nagtatapos ang pagtawag: tulad ng korderong lumalabas mula sa kulungan patungo sa malawak na pastulan, tayo ay tinatawag na dalhin sa mundo ang ating tinatanggap sa Eukaristiya — upang maghatid ng malasakit, pag-asa, at buhay sa mga taong ating nakakasalamuha.

Sa Linggong ito, habang ipinagdiriwang natin ang larawan ni Kristo bilang Mabuting Pastol at pinagninilayan ang masaganang buhay na kanyang iniaalok, buksan natin nang lubusan ang ating mga puso. Makinig tayo nang mabuti sa kanyang tinig, magtiwala sa kanyang paggabay, at maghandang sumunod sa kanya nang tapat saan man niya tayo dalhin.

### PAGSISISI

Mga kapatid, kilalanin natin ang ating mga kasalanan at hingin sa Panginoon, ang ating Mabuting Pastol, na ibalik tayo sa kanyang pastulan:

Sa mga pagkakataong hindi namin pinakinggan ang tawag ng Pastol at kami'y naligaw sa landas ng takot o kasalanan. Panginoon, kaawaan mo kami.

Sa mga pagkakataong hindi namin inalagaan ang mga nawawala, nag-iisa, o nasasaktan. Kristo, kaawaan mo kami.

Sa mga pagkakataong isinara namin ang pintuan ng aming puso sa mga nangangailangan. Panginoon, kaawaan mo kami.

## PANALANGIN NG PAGPAPATAWAD

Nawa ang Mabuting Pastol, na naghahanap at nagliligtas sa mga naliligaw, ay kaawaan kayo. Nawa'y patawarin Niya ang inyong mga kasalanan, patatagin ang inyong mga puso, at akayin kayo sa mga pastulan ng buhay at kapayapaan tungo sa buhay na walang hanggan. Amen.

## PAANYAYA SA GLORIA

Purihin natin ang Diyos, ang ating Pastol, na tumatawag sa atin sa ating pangalan at gumagabay sa atin tungo sa buhay ng kasaganahan.

## PANALANGIN NG PAGTITIPON

O Diyos, Pastol ng iyong bayan, tinatawag mo kami sa aming pangalan at binubuksan para sa amin ang pintuan tungo sa masaganang buhay. Sa pamamagitan ng iyong Anak na si Hesukristo, inaakay Mo kami sa luntiang pastulan ng kapayapaan at ginagabayan Mo kami sa mga landas ng katuwiran. Patatagin mo ang aming mga puso upang marinig naming ang kanyang tinig sa gitna ng ingay ng mundo, at bigyan mo kami ng lakas ng loob na sumunod sa kanya nang tapat, alagaan ang mga naliligaw, nag-iisa, at nangangailangan, at ibahagi ang kasaganahan ng iyong pag-ibig sa lahat ng aming makakasalamuha. Nawa ang kaloob ng Eukaristiyang ito ay magbigay-lakas at magbago sa amin, upang, sa paggabay ng iyong Espiritu, kami'y maging mga pastol din sa isa't isa at maging saksi ng iyong awa at kabutihan sa bawat lugar.

Hinihiling namin ito sa pamamagitan ng aming Panginoong si Hesukristo… Amen.

## HOMILIYA: "AKO ANG PINTUAN – ANG TINIG NG MABUTING PASTOL"

Ilang taon na ang nakalilipas, pumasok ako sa simbahan sa isang mainit na hapon ng Sabado. Sa labas, mabigat at nakakapagod ang init, ngunit sa loob, kaaya-aya ang lamig. Nais kong maglaan ng ilang sandali sa panalangin at pagninilay sa Ebanghelyo. Ngunit nang ako'y umupo, isang ibon ang pumasok sa loob sa pamamagitan ng bukas na bintana.

Naranasan mo na ba iyon? Ang isang ibong paikot-ikot sa loob ng simbahan ay isang kakaibang pagkaabala. Paulit-ulit itong bumabangga sa maliwanag na mga bintana, desperadong naghahanap ng daan palabas. May mga bukas na siwang, ngunit hindi nito makita. Pinanood ko ito at naisip: "Narito ang isang nilalang na nasa pagitan ng kalayaan at pagkakulong." At doon ko napagtanto—gaano kadalas din tayong napapasok sa ganitong kalagayan, hindi sa hawla ng mga ibon, kundi sa mga hawla ng pagkakasala, takot, o maging sa mga labis na komplikadong alituntunin?

Ang larawang ito ay pumapasok sa isipan natin nang malinaw kapag naririnig natin si Hesus na nagsasabi sa Ebanghelyo ngayon:

“Ako ang pintuan; ang sinumang pumapasok at lumalabas sa pamamagitan ko ay makakakahanap ng kaluwagan; makakatagpo siya ng masaganang pastulan; magkakaroon siya ng buhay na ganap.”

**Ang Pintuan na Nagbibigay ng Kalayaan**

Noong panahon ni Hesus, ang mga Hudyo ay madalas na nakadarama ng pagkakulong sa napakaraming alituntunin. Animnaraan at labing-apat na utos, ang ilan ay napakaliit na bagay, ang nagpapabigat sa kanilang pang-araw-araw na buhay. Ang paglalakad nang masyadong malayo tuwing Araw ng Pamamahinga, ang pagpitas ng butil, ang pagpapagaling sa nangangailangan—ang lahat ng ito ay itinuturing na paglabag sa mga alituntunin. Ang mga kautusang dapat sana’y magbibigay ng kalayaan ay naging mistulang mga hawla.

At dumating si Hesus na nagsasabi: “Kung nararamdaman ninyong kayo’y nakakulong, lumapit kayo sa akin. Ako ang pintuan. Sa pamamagitan ko, matatagpuan ninyo ang kalayaan.”

Isipin ninyo ang mga alagad noong gabi ng Pasko ng Muling Pagkabuhay, nagkukubli sila sa likod ng nakasarang mga pintuan, paralisado sa takot at pagkakasala matapos arestuhin si Hesus. Lumapit siya sa kanila at nagsabi, “Shalom! Kapayapaan ang sumainyo. Kung paanong isinugo ako ng Ama, gayundin ko kayo sinusugo.” Nabuksan ang mga pintuan, at gayundin ang kanilang mga buhay. Si Hesus ay hindi nagkukulong; Siya ay nagpapalaya.

Hanggang ngayon, maraming kabataan sa Simbahan ang nakakaramdam ng bigat ng mga “kailangan mong gawin,” “bawal ito,” “dapat ganito...” Maaari nilang isipin: “Kung tunay akong mamumuhay bilang Kristiyano, mawawala ang aking kalayaan.” Ngunit ang kalayaan kay Kristo ay hindi pahintulot na gawin ang anumang gusto natin—ito ay pagbubukas ng ating puso sa pag-ibig, pagpapatawad, at kaganapan ng buhay.

Maraming taon na ang nakalilipas, may isang matandang pari sa isang parokya na may simpleng kaugalian. Tuwing Linggo, tumatayo siya sa pangunahing pintuan ng simbahan bago magsimula ang Misa. Binabati niya ang bawat tao—minsan ay binubuksan ang pinto, minsan nama’y marahang isinasara ito kapag puno na ang simbahan. Isang araw, tinanong siya ng isang bata, “Padre, bakit palagi po kayong nakatayo sa pintuan?”

Ngumiti siya at sinabi,
“Dahil sinabi ni Hesus, ‘Ako ang pintuan.’ Kung magtatagal ako rito, marahil matutunan ko kung paano Niya tinatanggap ang mga tao.”

Hindi ba’t napakaganda? Ang bawat taong pumapasok sa simbahan ay may dalang kuwento, pag-asa, at pasanin. Alam ng paring iyon na ang pintuan ay hindi lamang

daanan—ito ay lugar kung saan tayo sinasalubong ni Kristo, kung saan nagsisimula ang pag-ibig at pagtanggap.

**Ang Pintuan ay Nangangalaga at Nagbubukas ng Daan**

Ang pintuan ay may dalawang mahalagang layunin. Una, ang pintuan ay nangangalaga. Kapag taglamig, isinasara natin ang mga pinto upang mapanatili ang init sa loob. Noong unang panahon, ang mga kastilyo ay may mga tulay at tarangkahan—tinatanggap ang mga kaibigan at pinipigilan ang mga kaaway. Ang pintuan ay maaaring maging panangga.

Ikalawa, ang pintuan ay nagbubukas ng daan. Kung saan may pader, ang pintuan ang lumilikha ng lagusan. Dinadala tayo nito mula sa isang silid patungo sa kabila, mula sa loob patungo sa labas, mula sa makitid tungo sa maluwag na espasyo.

Kapag sinabi ni Hesus, “Ako ang pintuan,” tinutukoy niya ang dalawang kahulugang ito. Hindi Siya nagtatag ng isang samahan ng magkakatulad na tao na nananatili lamang sa kanilang sarili. Nais Niya na ang Kanyang Simbahan ay magbukas ng mga pintuan. Sa pamamagitan Niya, kailangan tayong lumabas sa mundo—dala ang Kanyang paraan ng pagtingin sa kapwa.

Sa pamamagitan Niya ay nangangahulugan ng:
- kahabagan Niya,
- katotohanan Niya,
- katapangan Niya.

Sinasabi ni Hesus tungkol sa mga tupa:
“Kilála nila ang kanyang tinig.”

Paano natin makikilala ang Kanyang tinig? Ito ang tinig na nagbibigay-buhay, hindi takot. Ito ang tinig na nagtataguyod, hindi sumisira. Ito ang tinig na naghahanap sa mga naliligaw, hindi ng pansariling kapakinabangan.

“Ako’y naparito upang sila’y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang ganap.”

Ito ang “pinakamaikling mensahe” ni Hesus—ang pinaka simple ngunit pinakamakapangyarihang mensahe ng Kanyang misyon. Lahat ng Kanyang sinasabi at ginagawa ay nakatuon sa iisang layunin: na tayo’y magkaroon ng ganap na buhay.

Kung si Hesus ang pintuan, Siya ang daan kung saan ang Diyos ay lumalapit sa atin at tayo nama’y lumalapit sa Diyos. Sa pagtatapos ng ating mga panalangin, madalas nating sabihin, “sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon.” Hindi lamang ito isang panuntunan. Ito ay isang paraan ng pamumuhay. Nananalangin tayo sa pamamagitan Niya, tama—ngunit namumuhay din tayo sa pamamagitan Niya. Dumaraan tayo sa Kanya sa panalangin, sa Eukaristiya, at sa mga gawa ng pag-ibig at pagpapatawad. Sa bawat pagkakataon, pinangangalagaan at pinatitibay Niya tayo. Inililigtas Niya tayo mula sa

kasamaan at inaakay tayo palalim sa sariling buhay ng Diyos—isang buhay na puno ng pagmamahal.

Mayroon ding isang mas malalim na paanyaya para sa atin dito. Sa isang banda, tayo rin ay tinatawag na makibahagi sa papel ni Kristo. Kahit papaano, hindi dapat tayo maging hadlang sa daan ng Diyos. Higit pa rito... ininimbitahan tayo na maging mga munting "pintuan" para sa mga ibang tao—mga bukás na daan kung saan maaaring pumasok ang biyaya ng Diyos sa kanilang buhay. Minsan tayo ang mga pastol, gumagabay at nagpapalakas ng loob. Minsan naman, tayo ay simpleng pintuan lamang, tahimik na nagbibigay ng puwang upang ang Diyos ang kumilos.

**Ang Kapangyarihan ng Pag-ibig**

Hayaan ninyong ibahagi ko ang isang munting kuwento mula sa isang taong aking nakilala. May isang babae sa aming parokya na may harding lubhang napabayaan. Sinubukan na niya ang lahat—mahihigpit na iskedyul, mga paalala mula sa pamilya, kahit sa pagkuha ng tutulong—ngunit patuloy pa ring nangingibabaw ang mga damo, at siya'y napuno ng pagkabigo.

Isang araw, dumalaw ang kanyang batang apo. Hindi siya nanumbat, hindi nagreklamo, at hindi nagbigay ng mga alituntunin o listahan. Sa halip, lumuhod siya sa lupa, nagtanim ng ilang buto nang may kagalakan, at tumawa habang nadidikitan ng lupa ang kanyang mga kamay.

May nagbago sa puso ng kanyang lola noong araw na iyon. Ang payak na tuwa at pag-ibig ng bata ang nagbigay sa kanya ng inspirasyon na alagaan muli ang hardin. Dahan-dahan at may tiyaga niyang inalagaan ang hardin, at hindi nagtagal ay muling namulaklak ang hardin.

Ang pagmamahal—payak, matiisin, at nag-aanyayang pagmamahal—ang nakagawa ng hindi nagawa ng mga alituntunin, banta, o talatakdaan. Ganito ang ginagawa ni Hesus sa atin. Hindi Niya tayo pinipilit o tinatakot. Sa halip, tinatawag Niya tayo nang may lambing at pagmamahal tungo sa masaganang buhay. Kung saan naroon ang pagmamahal ng Diyos, ang tila imposible ay nagiging posible.

**Si Hesus bilang Pastol**

Hindi lamang nananatili si Hesus bilang Pintuan. Siya rin ang Mabuting Pastol. Kilala Niya ang Kanyang mga tupa sa kanilang pangalan. Siya'y tumatawag, at nakikilala nila ang Kanyang tinig.

Maraming taon na ang nakalilipas, may isang binatang humarap sa isang mahalagang desisyon sa buhay: isang trabahong mataas ang kita o isang payak na landas ng paglilingkod sa mga mahihirap. Tahimik siyang naupo sa loob ng simbahan, humihiling na magsalita sa kanya ang Diyos. Walang dumating na kahanga-hangang pangitain, kundi isang banayad na kaliwanagan sa kanyang puso. Pinili niya ang mas payak na landas, at

makalipas ang mga taon ay sinabi niya: "Ang tahimik na tinig—hindi ang pinakamalakas—ang siyang gumabay sa akin."

Ito ang ipinangako ni Hesus: isang presensya na gumagabay at nagmamahal, isang tinig na mapagkakatiwalaan sa gitna ng ingay ng mundo.

Isang turista ang minsang bumisita sa isang pastol sa Palestina. Tumawag ang pastol, "Men ah!" at sumunod ang mga tupa. Sinubukan ng turista ang parehong mga salita—ngunit walang nangyari. Hindi siya pinansin ng mga tupa, sapagkat ang tinig lamang ng pastol ang kanilang kinikilala. Ganoon din sa atin. Sa isang mundong puno ng ingay, napakaraming tinig ang nakikipag-agawan sa ating pansin. Ngunit tanging ang tinig ni Kristo ang umaakay tungo sa buhay.

**Buhay na Masagana**

Sinabi ni Hesus, "Ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon nito nang ganap." Hindi lamang ito kasaganaan ng mga bagay na nabibili ng salapi, kundi ang mas malalim at pangmatagalang kasaganahan na nagmumula sa Diyos.

Naaalala ko ang isang matandang kasapi ng parokya na nakipagkasundo sa kanyang kapatid matapos ang maraming taon ng pag-iwas sa isa't-isa. Isang pagbasa mula sa Ebanghelyo ang patuloy na gumugulo sa kanyang kalooban hanggang sa siya'y kumilos. Ang banayad na pagtawag na iyon ang nagdala ng malalim na kapayapaan. Ang buhay na masagana ay hindi matatagpuan sa mga ari-arian, kundi sa pagmamahal, pagpapatawad, paglilingkod, at pakikipag-ugnayan sa Diyos.

**Ang Simbahan: Lugar ng Pagkalinga at Daanan**

Pumapasok tayo sa Simbahan sa pamamagitan ng binyag. Ito ay kapwa kanlungan at daanan. Tama na pinoprotektahan tayo ng pintuan laban sa kapahamakan, ngunit nagbubukas din ito tungo sa ating pagpapalakas, sa misyon, at sa buhay natin sa mundo.

Minsan ay may narinig akong kuwento tungkol sa isang babaeng apatnapung taon nang nakaupo sa parehong upuan sa simbahan. Sinabi niya, "Mula rito, nakikita ko kung sino ang nag-iisa—at tinatabihan ko sila sa susunod na Linggo." Iyan ang ibig sabihin ng pagpasok sa pintuan ni Kristo: ang makita ang iba sa pamamagitan ng mga mata ng Mabuting Pastol.

Ngunit dapat nating tandaan: ang pananampalataya ay hindi dapat manatili lamang sa loob ng mga pader na ito. Sinabi ni Hesus na ang pumapasok sa pamamagitan Niya ay makapapasok at makalalabas at makakahanap ng pastulan. Papasok at lalabas. Mula sa pagninilay tungo sa pagkilos. Mula sa panalangin tungo sa misyon. Mula sa katahimikan ng simbahan tungo sa pangangailangan ng mundo.

**Mga Pastol at mga Pintuan**

Isang magsasaka ang minsang hinarap ang isang malakas na bagyo. Nagkawatak-watak ang kanyang mga tupa. Habang sinasabi ng iba na hintayin na lamang ang umaga, lumabas siya sa dilim. “Kilála nila ang aking tinig,” wika niya. Makalipas ang ilang oras... bumalik siya—basang-basa ngunit matagumpay. Ligtas ang mga tupa dahil sa tiwala at pagmamahal.

Ito ang puso ni Kristo: hindi isang upahang manggagawa na nagtatrabaho para sa sahod, kundi isang Pastol na ibinibigay ang Kanyang buhay. Nauuna Siya sa atin, pinangangalagaan, ginagabayan, at tinatawag tayo patungo sa pastulan.

At tayo ay tinatawag na tularan Siya—hindi bilang mga amo, kundi bilang mga pintuan, bilang mga pastol, bilang mga taong nagiging daan upang maabot ng pag-ibig ng Diyos ang iba. Kahit maliliit na kilos—isang taingang handang makinig, pusong bukás, salitang nagpapatawad—ay maaaring maging mga pintuan ng buhay para sa iba.

**Pakikinig sa Panloob na Tinig**

Maingay ang mundo, ngunit madalas na tahimik magsalita ang Diyos. Ang isang batang naligaw sa pamilihan ay sa tinig lamang ng kanyang ama nakinig sa gitna ng kaguluhan at doon tumakbo patungo sa kaligtasan. Ganoon din tayo—kailangan nating linangin ang kakayahang makilala ang tinig ng Mabuting Pastol sa gitna ng napakaraming tinig na nakikipag-agawan sa ating pansin.

Ang panalangin, katahimikan, Banal na Kasulatan, espiritwal na pag patnubay, at matalinong payo ang tumutulong sa atin upang makilala ang Kanyang tinig. Ang konsensya, kapag nahubog nang mabuti, ay ang lugar kung saan nagiging malinaw ang paanyaya ng Diyos. At kung minsan, nagsasalita Siya sa pamamagitan ng banayad na pagkabagabag sa ating kalooban na nagtutulak sa atin upang tayo’y makipagkasundo, magkaroon ng lakas ng loob, o maging mapagbigay.

**Ang Kayamanan ng Buhay**

Isang matandang kapitbahay ang minsang nagkuwento sa mga bata tungkol sa isang kayamanang nakatago sa kanilang bayan. Marami ang naghanap sa mga bukirin at hardin, ngunit natagpuan ang kayamanan hindi sa lupa kundi sa pusong marunong maghanap.

Ganoon din ang kasaganahang iniaalok ni Kristo. Ito ay kaloob, hindi isang bagay na nabibili. Ito ay kayamanang hindi maaaring bilhin, kundi natatanggap lamang. Bukás ang Pintuan, tumatawag ang Pastol, at naghihintay ang pastulan.

Isang dalaga ang bumisita sa isang malaking katedral na balisa tungkol sa kanyang kinabukasan. Sa itaas ng pintuan, nakita niya ang ukit ni Kristo bilang Mabuting Pastol, na may mga salitang: “Dumaan ka sa Akin.” Napagtanto niyang sinusubukan niyang akyatin

ang mga pader—naghahanap ng tagumpay at pagtanggap. Natagpuan lamang niya ang kapayapaan nang siya'y dumaan sa Kanya.

Mga minamahal na kapatid, ang kayamanang hinahanap natin ay hindi nasa labas natin. Ang landas ay hindi nakatago sa anumang mapa.

Ang Pintuan ay nasa harapan natin. Si Kristo mismo ang Pintuang iyon. Dumaan tayo sa Kanya nang may pagtitiwala. Makinig tayo sa Kanyang tinig. Sumunod tayo sa Kanya tungo sa masaganang buhay na Kanyang ipinangako—hindi lamang sa kabilang-buhay, kundi dito at ngayon.

At balang araw, kapag tinawag Niya tayo sa ating pangalan sa huling pagkakataon, susunod tayo sa Kanyang pamilyar na tinig patungo sa walang hanggang pastulan, kung saan ang buhay ay ganap magpakailanman. Amen.

### PAANYAYA SA KREDO

Kung paanong tinatawag ng isang pastol ang bawat isa sa kanyang mga tupa sa kanilang pangalan at inaakay sila sa luntiang pastulan, gayundin tayo tinatawag ni Kristo upang maniwala, magtiwala, at sumunod sa Kanya.
Tumayo tayo ngayon at sama-samang ipahayag ang ating pananampalataya sa Pastol na gumagabay sa atin, nagbubukas ng pintuan tungo sa buhay, at umaakay sa atin sa masaganang kapayapaan.

### Alternatibong Pagpapahayag ng Pananampalataya para lamamng sa Personal na Pagninilay (ayon sa tema):

Panginoong Diyos,
Sumasampalataya ako sa Iyo, Ama na tumatawag sa akin sa aking pangalan,
na nagbabantay sa akin at gumagabay nang may pag-ibig.

Sumasampalataya ako kay Hesukristo, ang Iyong Anak, ang aking Pastol, ang aking Pintuan.
Siya ay kasama mo magpakailanman, at sa pamamagitan Niya natagpuan ko ang landas tungo sa masaganang buhay.

Sumasampalataya ako na Siya ay naging tao, ang iyong Salita na nagkatawang-tao, na namumuhay kasama ng mga tao, tumatawag sa mga naliligaw, umaaliw sa mga nag-iisa, at maluwang na nagbubukas ng mga pintuan ng awa.

Sumasampalataya ako sa Kanyang Espiritu, ang hininga ng lahat ng aking kaisipan, gawa, at hangarin, na nagbibigay-inspirasyon sa akin upang makinig nang mabuti, sumunod nang tapat, at magmahal sa kapwa nang may habag.

Sumasampalataya ako na ang Espiritung ito ang gumagabay sa akin patungo sa mga nangangailangan ng pag-asa, sa mga pusong mabigat,
sa mga nakakaramdam ng pag-iisa o nawawala ang landas.

Nawa'y mabuksan ko ang mga pintuan ng aking sariling buhay, upang ang iba ay makapasok at maranasan ang iyong pag-ibig, pag-asa, at katarungan.

Sumasampalataya ako sa Simbahan, ang pamayanan ng lahat ng nakikinig sa tinig ng Pastol, kung saan ako'y pinapakain, pinatatawad, at tinatawag upang maglingkod.

Sumasampalataya ako na kung paanong ako'y ginagabayan ni Kristo bilang aking Pastol, gayundin ako'y tinatawag na maging pastol para sa iba, upang pangalagaan, akayin, at malasakitang alagaan ang mga ipinagkatiwala Niya sa akin.

Sumasampalataya ako na ang kamatayan ay hindi ang huling salita, na nalupig na ni Kristo ang takot at kasalanan, at balang araw ay susunod ako sa Kanyang tinig patungo sa walang hanggang pastulan ng kapayapaan at kagalakan.

Tulungan mo ako, Panginoon, sa aking kakulangan sa pananampalataya;
basagin mo ang aking mga pagdududa, mga dahilan, at pag-aatubili.
Palakasin mo ako upang maging tunay na saksi ni Hesus,
ang Mabuting Pastol, ang iyong minamahal na Anak, aking gabay at aking kapatid.
Sa pamamagitan Niya, kasama Mo at ng Espiritu Santo,
inaalay ko ang aking pasasalamat at papuri, ngayon at magpakailanman. Amen.

### PAANYAYA SA PANALANGIN SA MGA HANDOG
Kung paanong inaalagaan ng Pastol ang bawat tupa at binubuksan ang pintuan tungo sa kaligtasan at pagpapakain, ialay natin nang may kagalakan ang ating mga handog, upang ang sakripisyong ito ay maging kalugod-lugod sa Diyos, ang Amang makapangyarihan sa lahat.

### PANALANGIN SA MGA HANDOG
Panginoong Hesus, Mabuting Pastol at Pintuan ng buhay,
tanggapin mo ang mga handog na ito ng tinapay at alak,
mga tanda ng iyong pagkalinga at paggabay.
Nawa ang Eukaristiyang ito ay magpalakas sa amin upang tapat na sumunod sa iyong tinig,buksan ang aming mga puso sa mga naliligaw at nag-iisa,
at ibahagi ang iyong masaganang buhay sa lahat ng aming makakasalamuha.
Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

### PREFACIO
Tunay ngang marapat at makatarungan,
aming tungkulin at kaligtasan,
na kami'y magpasalamat sa iyo lagi at saanman,
Panginoon, banal na Ama, makapangyarihan at walang hanggang Diyos.
Tinatawag mo ang iyong bayan sa kanilang pangalan at tinitipon kami bilang iisang kawan.
Sa pamamagitan ng iyong Anak na si Hesukristo, ang Pintuan at Mabuting Pastol, ginagabayan mo kami mula sa takot tungo sa kalayaan, mula sa pag-iisa tungo sa pakikipagkaisa, mula sa pagkaligaw tungo sa mga landas ng buhay at kasaganaan.

Sa pamamagitan ng Kanyang turo, pagkalinga, at paghahandog ng sarili, natututo kaming magtiwala sa Kanyang tinig, sumunod sa Kanya nang walang takot, at tularan ang Kanyang mapagmahal na paggabay sa iba. Sa pamamagitan Niya, ang iyong bayan ay pinatitibay at pinalalakas, pinagagaling at ibinabalik sa dating sigla, at tinatawag na maging mga pastol sa isa't isa, na nagdadala ng awa, kaaliwan, at kapayapaan sa isang mundong magulo.

Kaya nga, kasama ng mga anghel at mga banal, kasama ng mga pastol at ng mga mananampalataya sa bawat salinlahi, itinataas natin nang may kagalakan ang ating mga puso sa pagpupuri, na inaawit ang iyong kaluwalhatian:

### PAANYAYA SA PANALANGIN NG AMA NAMIN

Sa pagtitiwala sa Pastol na tumatawag sa atin, nagbubukas ng pintuan tungo sa masaganang buhay, at umaakay sa luntiang pastulan ng kapayapaan, sama-sama tayong manalangin nang may kumpiyansa gaya ng itinuro Niya sa atin:

### EMBOLISMO

Iligtas mo kami, Panginoon, dalangin namin, sa lahat ng kasamaan, at ipagkaloob mo ang kapayapaan sa aming mga puso, sa aming mga pamilya, at sa aming mga pamayanan.

Nawa'y makilala namin ang iyong tinig sa gitna ng ingay ng mundo, at palagi naming matagpuan ang mga pintuang binubuksan mo patungo sa kalayaan, pagmamahal, at masaganang buhay. Akayin mo kami sa mga pastulan ng iyong awa, at bigyan mo kami ng tapang na alagaan ang mga naliligaw, nawawala, o nabibigatan, habang hinihintay namin nang may kagalakan ang pagdating ng aming Tagapagligtas na si Hesukristo.

### PANALANGIN PARA SA KAPAYAPAAN

Panginoong Hesus, Pastol ng aming mga kaluluwa, ipinangako mo ang buhay na masagana. Tulungan mo kaming marinig ang iyong tinig sa gitna ng ingay ng mundo, at maipamalas ang iyong kapayapaan at pagkalinga sa aming mga pamilya, sa aming mga pamayanan, at sa aming Simbahan.

Palakasin mo kami upang sumunod sa iyong paggabay sa bawat pagsubok, upang pangalagaan ang mga naliligaw at nag-iisa, at upang maging buhay na tanda ng iyong awa, pagtitiyaga, at pag-ibig. Ikaw ay nabubuhay at naghahari magpakailanman. Amen.

### PAANYAYA SA KOMUNYON

Masdan ang Kordero ng Diyos, na nag-aalis ng mga kasalanan ng sanlibutan. Mapalad ang mga tinawag sa kanyang hapag, kung saan pinapakain ng Pastol ang kanyang kawan.

### MAIKLING PAGNINILAY PAGKATAPOS NG KOMUNYON

Matapos nating tanggapin ang Katawan at Dugo ni Kristo, ating alalahanin: Siya ang Pintuan na nagbubukas para sa atin, ang Pastol na tumatawag sa atin sa ating pangalan, at ang pinagmumulan ng masaganang buhay.

Nawa'y lumabas tayo upang ibahagi ang Kanyang pagmamahal, makinig sa Kanyang tinig, at gabayan ang iba nang may tiyaga, habag, at tapang.

## PANALANGIN PAGKATAPOS NG KOMUNYON

Panginoong Hesus, Pastol at Pintuan ng buhay,
pinakain Mo kami sa Iyong hapag ng Iyong Katawan at Dugo.
Patatagin Mo ang aming mga puso upang marinig naming ang Iyong tinig,
maiwan ang mga bakod ng takot at kasalanan,
at maalagaan ang lahat ng naliligaw, nag-iisa, o nangangailangan.

Nawa'y gabayan kami ng Iyong Espiritu upang maging mga pastol sa aming mga pamilya, sa aming mga pamayanan, at sa aming Simbahan, upang maranasan ng lahat ang kapayapaan, kagalakan, at masaganang buhay na Iyong ipinangako.

Sa pamamagitan ni Kristong aming Panginoon. Amen.

## SOLEMNONG PAGBASBAS

Nawa'y bantayan kayo ng Panginoon, ang Mabuting Pastol, at gabayan ang inyong mga hakbang.

Nawa'y pagkalooban Niya kayo ng tapang sa gitna ng mga pagsubok, pagtitiyaga sa mga hirap, at kagalakan sa paglilingkod sa kapwa.

Nawa'y buksan Niya ang mga pintuan ng inyong puso sa pag-ibig, pagpapatawad, at pagkalinga, upang, tulad Niya, kayo'y maging pastol din ng mga ipinagkatiwala sa inyo nang may habag at kabutihan.

**Pagpalain nawa kayo ng makapangyarihang Diyos, ang Ama, at ang Anak, at ang Espiritu Santo. Amen.**

## PAGPAPAALIS

Humayo kayo sa kapayapaan, sumusunod kay Kristo, ang Pintuan at Pastol.

## MAHALAGANG KAISIPAN

Si Hesus ay hindi pintuang nagsasara sa likod mo;
Siya ang Pintuang bukás nang maluwang, ang Pastol na nakakakilala sa iyong pangalan.

Makinig sa Kanyang tinig, tapat na sumunod sa Kanya,
at hayaan mong gabayan ng Kanyang pagmamahal ang iyong mga hakbang tungo sa buhay na masagana.

**Translated by Willaim Valdrez, Jr.**

**Perth, Australia**